# Komite ng Ahensya ng mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao ng California para sa Proteksyon ng Katipunan ng mga Karapatan ng Pinatutungkulang Tao para sa Medikal na Pananaliksik

Hiniling sa iyong makibahagi sa pananaliksik na pag-aaral, o pahintulutan ang iba na makibahagi. Ito ang buod ng iyong mga karapatan. Bago ka magpasya kung sasali, ang mananaliksik ay dapat:

- Ipaalam sa iyo, nang walang anumang mapanlinlang na impormasyon, kung tungkol saan ang pag-aaral at kung bakit ito isinasagawa.
- Ipaalam sa iyo kung ano ang gagawin ng mananaliksik sa panahon ng pag-aaral, kung ano ang ipagagawa sa iyo, at anumang gamot o aparatong gagamitin.
- Ipaalam sa iyo ang tungkol sa anumang mga panganib o kawalan ng kaginhawaan na maaaring maranasan mo dahil sa iyong pagsali.
- Ipaalam sa iyo ang tungkol sa anumang mga kapakinabangan na maaaring matanggap mo sa pagsali.
- Ipaalam sa iyo ang tungkol sa anumang iba pang mga procedure, gamot, o aparato na maaaring kasing-buti o mas mabuti kaysa sa pakikibahagi sa pag-aaral, at ang mga panganib at kapakinabangan ng mga piniling iyon.
- Ipaalam sa iyo ang tungkol sa anumang medikal na paggamot na makukuha sa panahon ng o pagkatapos ng pag-aaral kung nagkaroon ng mga kumplikasyon bilang resulta ng iyong pagsali.
- Bigyan ka ng pagkakataong magtanong tungkol sa pag-aaral at mga procedure dito, bago at sa panahon ng pag-aaral.
- Ipaalam sa iyo na kahit sumasang-ayon ka ngayon, maaari ka pa ring magpasya sa anumang oras sa kalaunan na hindi sumali. Ang anumang desisyong gagawin mo sa kasalukuyan o sa kalaunan ay hindi maaapektuhan ang anumang mga serbisyong matatanggap mo.
- Ipaalam sa iyo na maaari mong tanggihan ang anumang procedure o gamot.
- Ipaalam sa iyo na maaari mong tanggihan ang pagsagot sa anumang katanungan.
- Ipaalam sa iyo na ang pagpapasya kung sasali ay ganap na nasa sa iyo, nang walang anumang presyur na sumagot ka ng "Oo" o lumagda sa anuman.
- Magbigay sa iyo ng kopya ng form ng pahintulot pagkatapos mo itong lagdaan at kopya ng Katipunan ng mga Karapatan na ito.
- Ipaalam sa iyo kung paano makukuha ang mga resulta ng pag-aaral kung kailan available ang mga ito kung gusto mong malaman.

*(Nirebisa 06/29/2018)*